

## **UTOS PARA SA PAGKONTROL NG COVID-19 NA PAG-ACCESS SA DIAGNOSTIC NA PAGSUSURI SA PAMAMAGITAN NG MGA PASILIDAD NG PANGANGALAGA SA KALUSUGAN**

**Petsa Inisyu ang Utos: Agosto 26, 2020**

**Petsa ng Pagiging Epektibo: Setyembre 7, 2020**

**Mangyaring basahin ng mabuti ang Utos na ito. Ang paglabag o kabiguang sumunod sa Kautusan na ito ay isang krimen na may kaparusahang multa, pagkabilanggo, o pareho (California Health and Safety Code §120275 et seq; Long Beach Municipal Code § 8.120.030.A and 8.120.030.E.3.)**

### **BUOD NG UTOS:**

Ang Utos ng Long Beach Health Officer (Utos) na ito ay umaakma sa umiiral na Mas Ligtas sa Bahay na Utos sa Kalusugan (Naunang Kautusan). Ang Utos na ito ay inisyu ng City of Long Beach Health Officer (Opisyal ng Kalusugan). Ang Utos na ito ay inisyu upang matiyak ang pag-access sa COVID-19 Diagnostic na Pagsusuri sa mga lugar na outpatient/ambulatory care upang epektibong maiwasan, klinikal na mapangasiwaan, at makontrol ang COVID-19 sa Long Beach.

Ang Utos na ito ay epektibo sa loob ng Lungsod ng Long Beach. Ang Utos na ito ay epektibo sa Lunes, Setyembre 07, 2020 at magpapatuloy hanggang sa karagdagang paunawa.

**SA ILALIM NG KAPANGYARIHAN NG CALIFORNIA HEALTH AND SAFETY CODE SECTIONS 101040, 101085, AT 120175, NG MGA UTOS NG LONG BEACH HEALTH OFFICER:**

1. Ang mga acute (malala), sub-acute, at long-term (pangmatagalang) pasilidad sa pangangalaga ng kalusugan ay mayroon o inaasahang bubuo at pananatilihin ang kanilang kakayahang suriin ang mga pasyente, kung naaangkop at alinsunod sa mga alituntunin sa pagsusuri ng Los County Department of Public Health (Pampublikong Kalusugan ng County), para sa malalang impeksyon sa SARS-CoV-2 virus at upang matiyak ang pinakamainam na mga pagpipilian sa pangangalaga, mabawasab ang panganib ng mga impeksyon sa nosocomial, at matukoy at makontrol ang pagdami sa loob ng kanilang mga pasilidad. Ang hangarin ng Utos na ito ay upang madagdagan ang pag-access sa Diagnostic na Pagsusuri, tulad ng tinukoy sa Seksyon 8 sa ibaba, sa outpatient/ambulatory care na lugar upang epektibong mapigilan, klinikal na mapamahalaan, at kontrolin ang COVID-19 sa ating komunidad. Ang pagpapalawak ng Diagnostic na Pagsusuri ay mahalaga sapagkat makakatulong ito na makilala ang mga indibidwal na nakakahawang may virus na nagdudulot ng COVID-19 (SARS-CoV-2), tiyakin na ang mga indibidwal na iyon ay tumatanggap ng naaangkop na pangangalaga, protektahan ang mga mahihinang populasyon, mapigilan ang pagkalat ng COVID-19, mas mahusay na maunawaan ang pagkalat ng sakit sa Lungsod ng Long Beach ("Lungsod"), at sa huli ay maiiwasan ang malubhang sakit at kamatayan. Hindi tulad noong umpisa ng pandemya, malaki ang pagtaas ngayon ng kapasidad sa pagsusuri sa laboratoryo, pati na rin ang supply ng materyal sa koleksyon tulad ng mga swab. Ang State of California's Testing Task Force ay nakikipatulungan sa mga nagbibigay ng pangangalagang pangkalusugan upang matugunan ang anumang mga kakulangan sa supply sa pagsusuri kung magkaroon man. Tulad ng epektibong petsa at oras ng Utos na ito na nakalagay sa Seksyon 14 sa ibaba, na tinukoy sa Seksyon 8, kinakailangang sundin ang mga probisyon ng Kautusang ito ng Mga Pasilidad ng Pangangalaga ng Kalusugan.
2. Lahat ng Mga Pasilidad ng Pangangalaga sa Kalusugan sa Lungsod ay dapat magbigay ng napapanahong pag-access sa Diagnostic na Pagsusuri sa mga sumusunod na kategorya ng mga indibidwal na humihingi ng pangangalaga o humiling ng pagsusuri, maging sa personal o sa pamamagitan ng telepono o elektronikong mensahe, sa kondisyon na ang nasabing mga indibidwal (i) ay kabilang sa naaangkop na listahan ng kasalukuyang mga pasyente ng pasilidad; (ii) ay itinalaga sa pasilidad (o isang network na kasama ang pasilidad) ng isang tagaseguro o iba pang katulad na nagbabayad; o (iii) sa kaso ng isang urgent care clinic o iba pang pasilidad na naglilingkod sa mga miyembro ng publiko sa isang walk-in na basehan, natutugunan ang kasalukuyang County Public Health COVID-19 na mga alituntunin sa pagsusuri sa <http://publichealth.lacounty.gov/acd/nCorona2019/test.htm> kabilang ang ngunit hindi limitado sa:
  - a. Lahat ng Mga Taong May Sintomas, tulad ng tinukoy sa Seksyon 8, anuman ang edad, katayuan sa pagpapaospital, pagkakaroon ng maraming medikal na karamdaman o kondisyon (comorbidities), o iba pang mga kadahilanan sa panganib para sa COVID-19;
  - b. Ang lahat ng mga tao, mayroon o walang Mga Sintomas ng COVID-19, na tinukoy sa Seksyon 8, na nag-uulat na sila ay nagkaroon ng malapit na pakikipag-ugnay sa isang nakumpirmang tao sa laboratoryo o

pinaghihinalang kaso ng COVID-19, kasama na ang mga nalantad sa isang Lugar na nasa Mataas na Panganib (High-Risk Setting), tulad ng tinukoy sa Seksyon 8, sa loob ng 2 at 14 na araw bago magpakita para sa pagsusuri; at

- c. Ang lahat ng mga tao na hinihiling ng isang pampublikong utos sa kalusugan na suriin upang malaman o ma-diagnos ang karagdagang mga kaso at maiwasan ang karagdagang pagkalat ng sakit.
3. Ang Diagnostic na Pagsusuri ay maaaring maibigay alinman sa:
    - a. Pasilidad ng Pangangalaga sa Kalusugan mismo o isang tinukoy na klinika o sentro ng pagsusuri na pinatatakbo ng Pasilidad ng Pangangalaga sa Kalusugan; o
    - b. Isa pang pasilidad sa pangangalaga sa kalusugan o sentro ng pagsusuri na itinatag at pinamamahalaan ng isang botika o komersyal na lab na nakakontrata sa Pasilidad ng Pangangalaga para sa Diagnostic na Pagsusuri.
  4. Kung naaangkop, ang Mga Pasilidad ng Pangangalagang Pangkalusugan ay dapat humingi ng bayad mula sa group health plan ng mga pasyente o mga nagbigay ng seguro sa kalusugan (health insurance) para sa anumang mga bayarin, gastos, o singil na natamo sa pag-order o pagkumpleto ng Diagnostic na Pagsusuri sa ilalim ng Utos na ito. Ang California Department of Health Care Services (DHCS) at ang California Department of Managed Health Care (DMHC) ay parehong naglabas ng patnubay at/o regulasyon na nauugnay sa diagnostic na pagsusuri ng COVID-19. Ang mga Pasilidad ng Pangangalaga sa Kalusugan ay dapat sumunod sa patnubay na ito pati na rin sa lahat ng estado at/o mga pederal na batas na nagbabawal sa mga pasyente na singilin para sa mga bayarin, gastos, o singil na may kaugnayan sa Diagnostic na Pagsusuri.
  5. Walang ipinagbabawal sa Utos na ito na ang isang Pasilidad ng Pangangalaga ng Kalusugan ay mag-alok din ng COVID-19 Diagnostic na Pagsusuri sa iba pang mga kategorya ng mga tao sa sarili nitong diskresyon na ipinapalagay na may sapat na mga mapagkukunan sa pagsusuri sa Pasilidad ng Pangangalaga ng Kalusugan at ang oras ng resulta ng pagsusuri ay makatuwiran, mas maigi na mas mababa sa 48 oras. Mahigpit na hinihimok ang mga Pasilidad ng Pangangalagang pangkalusugan na palawakin ang pagsusuring ito sa abot ng makakaya, at upang maipatupad ang mga rekomendasyon at gabay mula sa Health Officer patungkol sa mas malawak na pagsusuri ng mga indibidwal para sa COVID-19, tingnan ang [Mga Patnubay sa Pagsusuri ng COVID-19](#).
  6. Dapat isapubliko ng mga Pasilidad ng Pangangalagang Pangkalusugan ang impormasyon sa pamamagitan ng kanilang mga karaniwang channel kung paano ma-access ng mga pasyente ang Diagnostic na Pagsusuri. Ang mga Pasilidad ng Pangangalagang Pangkalusugan na mayroong isang pampubliko o para sa pasyente na website ay dapat mag-post ng impormasyon sa kanilang website tungkol sa kung paano ma-access ng mga pasyente ang Diagnostic na Pagsusuri mula sa Pasilidad ng Pangangalaga ng Kalusugan.

7. Ang mga Pasilidad ng Pangangalagang Pangkalusugan sa Lungsod ay dapat, kung naaangkop, patuloy na sumunod sa mga kinakailangan sa pag-uulat tungkol sa COVID-19 o SARS-CoV-2 virus na pagsusuri, kabilang ang mga positibong resulta mula sa point-of-care na lugar kung saan isinagawa ang pagsusuri, na itinakda noong Marso 24, 2020 na Utos ng Health Officer (Opisyal ng Kalusugan) o anumang kasunod na mga utos ng Health Officer, pati na rin ang anumang karagdagang pag-uulat na kinakailangan o hiniling ng Health Officer. Ang mga kasalukuyang Patnubay sa Pag-uulat ng Pangkalusugan ng Publiko sa Long Beach ay matatagpuan [dito](http://longbeach.gov/globalassets/health/media-library/documents/diseases-and-condition/information-on/novel-coronavirus/hcps/covid-19-case-report-form) at ang mga form ng COVID-19 na Case Report ay matatagpuan sa <http://longbeach.gov/globalassets/health/media-library/documents/diseases-and-condition/information-on/novel-coronavirus/hcps/covid-19-case-report-form>.

## KAHULUGAN

8. Para sa mga layunin ng Utos na ito, ang mga sumusunod na termino ay tinukoy bilang mga sumusunod:

- a. Ang "**COVID-19 na Sintomas**" ay nangangahulugang isang bagong pagsisimula ng mga palatandaan o sintomas na naaayon sa COVID-19, kabilang, ngunit hindi limitado sa, lagnat, pangiginig, ubo, igsig ng paghinga o kahirapan sa paghinga, pagkapagod, pananait ng kalamnan o katawan, sakit ng ulo, bagong pagkawala ng pang-amoy o panlasa, namamagang lalamunan, barado o sipon na tumutulo, pagduduwal o pagsusuka, o pagtatae, o tulad ng bawat na-update na gabay ng CDC patungkol sa mga sintomas ng COVID-19.

- b. "**Diagnostic na Pagsusuri (Diagnostic Testing)**" ay nangangahulugang paggamit ng mga diagnostic na pagsusuri na nauugnay sa SARS-CoV-2, ang virus na nagdudulot ng impeksyon sa COVID-19 o impeksyon sa nobelang coronavirus, kung saan ang pangunahing layunin ng naturang pagsusuri ay inilaan para sa indibidwal na pagsusuri o paggamot. Ang mga pagsusuri lamang na may mga (pahintulot sa pang-emerhensiyang paggamit ng emerhensiya) o [emergency use authorizations](#) (EUA) mula sa U.S. Food and Drug Administration (FDA) ang dapat gamitin para sa pangangalaga ng pasyente. Sa kasalukuyan mayroong dalawang uri ng mga diagnostic na pagsusuri - mga molekular na pagsusuri na nakakatukoy ng genetic material ng virus, at mga antigen na pagsusuri na nakakatukoy ng espesipikong protina sa ibabaw ng virus. Tingnan ang website ng County Public Health para sa [Currently Available SARS-CoV-2 Test Types \(Kasalukuyang Magagamit na SARS-CoV-2 na mga Uri ng Pagsusuri\)](#) para sa karagdagang impormasyon.

Ang kasalukuyang magagamit na mga pagsusuri sa antigen ng SARS-CoV-2 ay mas hindi gaanong sensitibo kaysa sa mga molekular na pagsusuri at dapat gamitin alinsunod sa kapwa na Mga Tagubilin para sa Paggamit at Association of Public Health Laboratory's (APHL) na [Mga Pagsasaalang-alang sa Pagpapatupad ng SARS-CoV-2 Rapid Antigen na Pagsusuri](#) na

patnubay. Ang dokumento ng APHL ay nagbibigay ng impormasyon sa mga sitwasyon kung saan ang mga pagsusuri sa SARS-CoV-2 ay maaaring isaalang-alang para sa paggamit pati na rin mga senaryo kung hindi saan hindi nila dapat isaalang-alang. Ang mga karagdagang diagnostic na pagsusuri ay maaaring awtorisado sa hinaharap. Ang Los Angeles County Department of Health Services (LAC DHS) ay lumikha at nag-update ng [\*Reference Guide to Labs Providing COVID-19 Testing\*](#) (Magagamit na Gabay sa mga Laboratoryo na Nagbibigay ng COVID-19 na Pagsusuri) upang matulungan ang Mga Pasilidad ng Pangangalaga sa Kalusugan sa Los Angeles County na kilalanin ang isang tagabigay ng laboratoryo na pinakaangkop sa kanilang mga pangangailangan. Ang Estado ng California COVID-19 Testing Task Force (TTF) ay maaari ring magbigay ng tulong sa mga pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan na nakakaranas ng mga kakulangan at maglathala ng isang listahan ng mga laboratoryo na may kakayahan sa pagsusuri na handa na tumanggap ng mga sampol upang magbigay ng COVID-19 na pagsusuri sa website nito sa <https://testing.covid19.ca.gov/covid-19-testing-task-force-laboratory-list>.

- c. **“Healthcare Facility”** ay nangangahulugang (1) anumang klinika o urgent care na pasilidad na matatagpuan sa Lungsod na pag-aari, nang direkta o hindi direkta, sa pamamagitan ng isang entidad na nagmamay-ari o nagpapatakbo ng isang acute care hospital (ospital na nag-aalaga para sa malulubha), kahit saan man ang lokasyon ng acute care hospital o (2) anumang free-standing clinic (hal., Federally Qualified Health Center, komersyal na urgent care na klinika, o pribadong tagabigay) sa mga nasabing lokasyon kung saan ang klinika ay nag-uutos o nagsasagawa ng pagsusuri para sa iba pang mga impeksyon sa paghinga (hal. Trangkaso) para sa mga pasyente o miyembro ng publiko.
- d. **“High-Risk Setting/ Lugar na may Mataas na Panganib”** ay nangangahulugang isang lugar kung saan ang mga manggagawa ay nasa mataas na peligro para sa pagkakalantad sa SARS-CoV-2 dahil sa madalas na mukha-sa-mukha na pakikipag-ugnayan sa mga miyembro ng publiko o mga residente ng isang nagtitipunang lugar/congregate setting (hal., pasilidad sa pag-aalaga, tirahan, kulungan) at kawalan ng kakayahan upang mapanatili ang pisikal na pagdistansya sa trabaho, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga unang tagatuon, kawani ng mga lugar ng kongregasyon, mga empleyado sa parmasya, manggagawa sa serbisyo ng pagkain, manggagawa sa paghahatid, mga operator ng pampublikong transportasyon, at mga klerk ng tindahan ng groseri. Ang pagtatalaga ng "Lugar na May Mataas na Panganib/High-Risk Setting" ay maaaring mas palawakin ng detalyado sa pamamagitan ng patnubay sa mga tagabigay ng pangangalaga ng kalusugan na inisyu ng City Health Officer.
- e. **“Taong may Sintomas (Symptomatic Person)”** ay nangangahulugang sinumang indibidwal, anuman ang edad, na mayroong anumang COVID-19 na Sintomas.

## **MGA DAHILAN PARA SA UTOS**

9. Ang Utos na ito ay inilabas batay sa pangangailangan para sa mas maraming pagsusuri upang matukoy ang COVID-19 sa loob ng Lungsod. Dahil sa pagsiklab ng COVID-19 virus sa pangkalahatang publiko, na nananatiling isang pandemya ayon sa World Health Organization, mayroong isang emergency sa kalusugan ng publiko sa buong Lungsod. Ang sapat at malawak na pagkakaroon ng Diagnostic na Pagsusuri (Diagnostic Testing) ay mahalaga sa pagtuklas ng parehong pagkalat ng virus na walang sintomas at may sintomas, na tinitiyak na ang mga taong may COVID-19 ay makatanggap ng naaangkop na pangangalaga, pagkilala sa mga kaso na kailangang ihiwalay ang kanilang sarili mula sa iba, at pagpapaalam sa publiko tungkol sa mga kaso ng kalusugan na iniimbestigahan at mga pagsisikap na masubaybayan ang pakikipag-ugnay (contact tracing), nag sa ganun ay mapabagal ang pagkalat ng virus hangga't maaari upang maprotektahan ang pinaka nasa panganib na magkaroon ng malubhang sakit mula sa impeksyong ito, upang maiwasan ang karagdagang mga impeksyon at malubhang sakit at kamatayan, at upang maiwasan na mapuno ang sistema ng pangangalaga ng kalusugan. Ang Diagnostic na Pagsusuri ay isang mahalagang kagamitan din sa pagsisikap ng Lungsod na mabawasan upang maunawaan ang paglaganap at pagkalat ng sakit sa Lungsod.
10. Ang umiiral na pagkalat ng COVID-19 sa komunidad ng Long Beach ay patuloy na nagpapakita ng isang malaki at makabuluhang peligro ng pinsala sa kalusugan ng mga residente. Walang pang mga bakuna o mga paggamot na ligtas na magagamit upang maprotektahan laban sa COVID-19. Mula noong Agosto 25, 2020, mayroong hindi bababa sa 10,241 na kaso ng COVID-19 at 208 na pagkamatay na iniulat sa Long Beach.

## **KARAGDAGANG TERMINO**

11. Ang Lungsod ay dapat magbigay agad ng mga kopya ng Utos na ito sa pamamagitan ng: (a) pag-post nito sa website ng Long Beach Department of Health and Human Services sa <http://www.longbeach.gov/health/>, (b) pag-post nito sa Civic Center na matatagpuan sa 411 W. Ocean Blvd., Long Beach, CA 90802, (c) na ibibigay ito sa sinumang miyembro ng publiko na humihiling ng isang kopya, (d) na naglalabas ng isang press release upang isapubliko ang Utos sa buong Lungsod, at (e) sa pamamagitan ng paghahatid sa pamamagitan ng email sa mga malalaking pasilidad na kilala ng Health Officer na malamang na isasailalim sa Utos na ito (ngunit ang serbisyo sa pamamagitan ng email ay hindi kinakailangan para sa pagtalima).
  - a. Ang may-ari, tagapamahala, o operator ng anumang pasilidad na maaaring maapektuhan ng Utos na ito ay mariing hinihikayat na mag-post ng isang kopya ng Utos na ito onsite at magbigay ng isang kopya sa sinumang miyembro ng publiko na humihiling ng isang kopya.

- b. Dahil maaaring magbago ang patnubay, ang may-ari, tagapamahala, o operator ng anumang pasilidad na napapailalim sa Utos na ito ay inatasan na kumunsulta sa website ng Long Beach Department of Health and Human Services (<http://www.longbeach.gov/health/>) araw-araw upang makilala ang anumang mga pagbabago sa Utos at kinakailangang sumunod sa anumang mga pag-update hanggang sa matapos ang Utos.
12. Kung ang anumang subseksyon, pangungusap, sugnay, parirala, o salita ng Utos na ito o anumang aplikasyon nito sa sinumang tao, istraktura, pagtitipon, o pangyayari ay ginawang hindi wasto o hindi naaayon sa saligang batas sa pamamagitan ng isang desisyon ng isang korte ng karampatang hurisdiksyon. ang naturang desisyon ay hindi makakaapekto sa bisa ng natitirang mga bahagi o aplikasyon ng Utos na ito.
13. Ang Utos na ito ay isinasama sa pamamagitan ng sanggunian, ang Marso 4, 2020 na Proklamasyon ng isang State of Emergency na inisyu ni Gobernador Gavin Newsom at ang Marso 4, 2020 na pagdedeklara ng isang lokal at emerhensiya sa pampublikong kalusugan na inisyu ng Long Beach City Council, ang Long Beach City Manager, at Long Beach Health Officer, ayon sa pagkakabanggit, at maaari silang madagdagan.
14. Ang Utos na ito ay magiging epektibo sa ganap na 12:01 ng **Setyembre 7, 2020** at magpapatuloy hanggang sa ito ay mabago, maalis, mapalitan, o baguhin sa pagsulat Health Officer.

## **ITO AY IPINAG-UTOS:**

Anissa Davis, MD, DrPH,  
Health Officer, Lungsod ng Long Beach  
Petsa: **Agosto 26, 2020**

## **PAGPROKLAMA NG MGA REGULASYON SA EMERGENCY**

Bilang Direktor ng Civil Defense para sa Lungsod ng Long Beach alinsunod sa Long Beach Municipal Code ("LBMC") na seksyon 2.69.060.A, at alinsunod sa mga probisyon ng LBMC Kabanata 8.120, awtorisado akong magproklama ng mga regulasyon para sa proteksyon ng buhay at ari-arian bilang apektado ng COVID-19 emergency alinsunod sa seksyon ng Government Code 8634, at mga seksyon ng LBMC 2.69.070.A at 8.120.020. Ang mga sumusunod ay magkakabisa para sa tagal ng Long Beach Health Officer Order, **UTOS PARA SA PAGKONTROL NG COVID-19: ACCESS SA DIAGNOSTIC NA PAGESUSURI SA PAMAMAGITANG NG MGA PASILIDAD SA PANGANGALAGA NG KALUSUGAN**, na inisyu sa itaas, na isinama sa kabuuan nito sa pamamagitan ng **pagsangguni:**

Ang Utos ng Long Beach Health Officer, UTOS PARA SA PAGKONTROL NG COVID-19: ACCESS SA DIAGNOSTIC NA PAGESUSURI SA PAMAMAGITANG NG MGA PASILIDAD SA PANGANGALAGA NG KALUSUGAN, ay ipoproklama bilang isang regulasyon para sa proteksyon ng buhay at ari-arian.

Ang sinumang tao na, pagkatapos ng paunawa o abiso, alam at sadyang lumalabag o tumatanggi o nagpapabaya na sumunod sa nabanggit na legal na inisyong Health Order (Kautusan sa Kalusugan) ay magkakasala ng misdemeanor na may parusahan ng multa na hindi lalampas sa isang libong dolyar (\$1,000), sa pamamagitan ng pagkabilanggo sa loob ng isang panahon hindi hihigit sa anim (6) na buwan, o sa kapwa ng naturang multa at pagkabilanggo. (Mga seksyon ng Long Beach Municipal Code 8.120.030.A at 8.120.030.E.3.)

ITO AY IPINAG-UTOS:



Thomas B. Modica  
City Manager, Lungsod ng Long Beach  
Petsa: Agosto 26, 2020